Australian Bureau of Statistics

MGA PLANONG PAGBABAGO SA SENSUS NG PAPULASYON SA TAONG 2006

Ang limang-taunang Sensus ng Papolasyon at Pabahay (Census of Population and Housing) ang siyang pinakamalaking koleksyon ng estadistika na isinasagawa ng ABS. Pakay ng Sensus na masukat ang tamang dami ng mga taong nasa Australya sa Gabi ng Sensus, ang kanilang mga katangian at mga bahay na kanilang tinitirhan. Ang susunod na sensus ng Australya, ang ika-labing lima nito ay magaganap sa Ika- 8 ng Agosto 2006.

Ang sensus ay nagdudulot ng isang hanay ng impormasyon na mahalaga para sa epektibong pagpaplano ng mga pamahalaan, organisasyong pangkomunidad at pangkalakalang sektor sa hinaharap ng Australya. Ito ay itinatanging mahalaga sa mga taong hindi Ingles and wikang kinagisnan dahil ang impormasyon ay ginagamit upang makapagplano sa mga serbisyo gaya ng pagpopondo sa mga lokal na sentrong pangkomunidad, mga bahay pang-retiro, paaralan at oras ng pagbo-brodkast sa SBS.

Ilang mga mungkahing pagbabago para sa Sensus ng 2006 kabilang ang -

- Maraming mga bagong katanungang sumasalamin sa mga napapanahong isyu sa patakaran, pati na ang mga katanungan sa may-kapansanan, pagboboluntaryo at walang-bayad na pagtatrabaho, at
- Ang mga tao ay mayroong opsyon na kumpletohin ang 2006 porma ng Sensus sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng web.

Ang ABS ay nagmumungkahi ng isang bagong inisyatiba na magdaragdag sa kahalagahan ng impormasyong makokolekta ng Sensus sa taong 2006. Mayroong pangdiskursong papel na nagdedetalye ng mungkahi ang matatagpuan sa web site ng ABS sa <www.abs.gov.au>.

Ang sentrong itinatampok sa mungkahing ito ay ang pagbubuo ng isang Statistical Longitudinal Census Dataset (SLCD) Nakatabing-Datos na Mahabaang Panahong Estadistikal ng Sensus – ito'y kinapapalooban ng pagsasama ng impormasyong naibigay sa 2006 sensus ng papolasyon, sa impormasyong naibigay na noong nakarang mga iba pang sensus. Palalawakin ng SLCD ang hanay ng impormasyong mapagkukunan para sa mga estadistikong pakay at makapagdudulot ng mga paraan upang matukoy ang mga tularan ng pagbabago sa mga katayuang pang-sosyal at ekonomika para sa mga indibidwal at mga kasamahan sa bahay sa pagdaan ng mga panahon.

Ang mungkahi ay hindi nagsasangkot sa ABS na magtago ng impormasyon sa pangalan at tirahan galing sa sensus. Gaya ng nakaraang mga sensus, sisirain ng ABS ang anumang mga rekord na naglalaman ng impormasyon ng pangalan at tirahan kapag nakumpleto na ang pagpoproseso ng sensus.

Sabi ng pinuno ng programa sa sensus na si Paul Williams, "Nakikita ng ABS na ito ay isang mahalagang pamumuhunan para sa ating kinabukasan. Mayroon itong potensyal na magdulot ng mas mayabong na impormasyon tungkol sa lipunan ng Australya at pag-ibayuhin ang pagbubuo ng patakaran at pagsasagawa ng desisyon sa komunidad."

"Nagagamit nito ng buong-buo ang napakaraming yaman ng impormasyong aming napagsasama-sama tuwing makalimang mga taon ng sensus para sa benepisyo ng mga Australyano" sabi niya.

"Wala pang desisyong naisasagawa sa mungkahing ito," sabi niya. "Ang ABS ay susulong lang sa mungkahing ito kung ito ay kanais-nais sa kalipunan ng Australyano."

Hinihimok ng ABS ang publiko at iba pang mga interesadong partido na magsalang ng kanilang mga pananaw sa iminumungkahi. Ang mga paghaharap ng ulat ay maaaring gawing nasa-linya (on-line) sa pamamagitan ng web site ng ABS o kaya sa porma ng de-papel na makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa ABS sa numerong 1300 135 070. Ang araw ng pagtatapos para sa mga paghaharap ng ulat ay sa ika-10 ng Hunyo, 2005.